



Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog




MEMORANDUM

Sa mga : Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Elementarya at Sekundarya
Tagapag-ugnay ng Filipino

Mula sa : Opisina Ng Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa : **BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019**

Petsa : Hunyo 4, 2019



1. Alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1947 at sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay makikiisa sa pagdiriwang ng **BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019** para sa mga gawain ng buong buwan ng Agosto. Ang tema ng pagdiriwang ay ipaalam lamang sa paglabas ng Memorandum Pangkagawaran.
2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
 - a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
 - b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
 - c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.
3. Maunang ipalabas ang Memorandum na ito upang magabayan ang lahat para sa paghahanda ng mga pampaaralan, pandistrito, pang-cluster at Pansangay na patimpalak sa buwan ng Agosto. Kalakip nito ang mga kategorya at mga alituntunin ng mga gawain sa naturang pagdiriwang.
4. Ang **pampaaralan at pandistritong paligsahan** ay mananatiling *live performance* o aktuwal na pagganap ng mga kalahok at ang pagsasagawa ng mga gawain ay maaayon sa pagpapalano ng punungguro at koordineytor sa Filipino ng bawat paaralan at ng Tagamasid Pampurok ng bawat distrito. Ang panalo lamang ng unang puwesto para sa lahat na kategorya sa pandistritong paligsahan ang lalahok sa pang-cluster na paligsahan *via video presentation*.
5. Magkasabay na isasagawa ang **Pang-cluster na paligsahan** para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2019 ng Antas Elementarya at Sekundarya sa **Agosto 23, 2019** sa pangunguna ng mga Tagapangulo ng bawat klaster.
 - a) Cluster 1 – Dr. Rey Magtuba
 - b) Cluster 2 – Luy Remegio
 - c) Cluster 3 – Judith Pepito
 - d) Cluster 4 – Dr. Simlo Lomarda
 - e) Cluster 5 – Araceli Tomboc
6. Para sa Patimpalak ng Sekundarya, mula sa **pampaaralang patimplalak** ang panalo ng unang puwesto sa lahat ng kategorya ay kukunan ng *video* at maging opisyal na *entry* sa **pang-cluster na paligsahan**. Walang pandistritong patimpalak ng Sekundarya dahil kaunti lamang ang Mataas Na paaralan ng mga distrito.

7. Higit na ipinapaalala ang pagbibigay-diin sa patakarang “*Instituting Measures To Increase Engaged Time-On-Task And Ensuring Compliance Therewith*” ng DepEd Order No.9, s. 2005.

8. Sa pangalawang pagkakataon ay maaaring kakaiba ang pagsasagawa ng mga paligsahan sa paraang kakaunti lamang ang gastos at maiwasan ang pag-alis ng mga kalahok at Tagasanay mula sa klase, kaya ipinagbigay-alam sa mga kinauukulan na ipagpatuloy ang pagpapa-iral ng pag-*video* sa mga kalahok sa kanilang pagtatanghal at ang *video* na ito ang isumite para sa paghahatol sa pang-*cluster* na kompetisyon. Matapos ang pandistritong patimpalak ay maaari ring mag-*video* muli para sa panalo ng unang puwesto upang mas mahasa pa ang lalahok sa pang-*cluster* na kompetisyon. Hindi na pupunta ang kalahok at Tagasanay sa araw ng pang-*cluster* na kompestisyon dahil *video* ng pagtatanghal ang hahatulan sa antas ng kompetisyon na ito. Ang *video* (Elementarya at Sekundarya) ay dapat maisumite sa Tagapangulo ng *Cluster* sa Agosto 20, 2019 (Martes) upang magkaroon ng panahon sa paghahanda ng mga *video* para sa naturang paligsahan.

9. Ang Pansangay Na Gawain Sa Buwan Ng Wika 2019 ay isasagawa sa isang hotel sa **Agosto 30, 2019** na ipaalam agad pagkatapos ng *bidding*. Ang *video* ng mga panalo ng una at ikalawang puwesto para sa lahat na kategorya sa pang-*cluster* na paligsahan ay isumite sa Tagamasid Pansangay sa **Agosto 26, 2019** (Lunes). Ang mga komite at Tagahatol sa kompetisyong ito ay ipaalam lamang sa kasunod na Memorandum kasabay ng mga karagdagang impormasyon hinggil sa gawain.

10. Ang mga sumusunod na kategorya ng patimpalak ay isasagawa ng may aktuwal na pagganap o *live performance* subalit hanggang pang-*cluster* na paligsahan lamang muna dahil ang Pansangay na timpalak nito ay isasagawa kasabay ng *Division Integrated Competition (DIC)* sa darating na Oktubre 2019:

- a) Sulat Bigkas Ng Tula (SULKAS) – isang kalahok ng Baitang 4
- b) Madulang Pagkukuwento- (isang kalahok ng Baitang 4,5 at 6; at isang graded SPED)
- c) Pagsulat Ng Dagli – (isang kalahok mula sa Baitang 8)
- d) Interpretatibong Pagbasa(apat na kalahok mula Baitang 7, 8 ,9 at 10)
- e) Dagliang Talumpati – (isang kalahok at bukas mula sa Baitang 11 at 12)

11. Ang gastusin sa mga *supplies* (medal at tropeo, sertipiko atbp.), pananghalian at dalawang meryenda ng mga komite, tagahatol at mga tagapamahala, at iba pang gastusin para sa Pansangay Na Gawain na ay kukunin mula sa pondo ng Sangay (HRTD Funds) na susunod sa pinagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.

12. Ang pamasahang ng mga kalahok at mga komite sa pandistrito at ng mga Tagahatol sa pang-*cluster* at Pansangay na paligsahan mula at pabalik sa pinanggalingan ay kukunin mula sa pondo lokal ng paaralan na susunod sa pinagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.

13. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


PEDRO MELCHOR M. NATIVIDAD, CSEE
Tagapamanihala Ng Sangay

Kalakip ng Memorandum sa Buwan Ng Wika 2019

I. Mga Kategoriya ng Paligsahan Sa Buwan Ng Wika 2019 (Baitang 1-6)

1. Pagbigkas Ng Tula (Baitang 1) (tatlong saknong)

Piyesa ng Tula	10%
Pagkasaulo	30%
Dating sa Madla	10%
Bigkas at Tinig	25%
Kumpas at Ekspresyon ng mukha	25%

2. Deklamasyon - (Baitang 2 – 3-5 minuto)

a) Pagsasalita	40%
Uri ng Tinig	10%
Pagbibigkas	15%
Balarila	15%

b) Personalidad at Kakayahan 60%

3. Paligsahan sa Pag-awit –OPM minus one (Baitang 3) – isang kalahok

a) Tonal/voice quality	35%
b) Diction	15%
c) Timing	30%
d) Choice of Song	15%
e) Costume	5%

4. Talumpati (Baitang 4) –isang kalahok

a) Nilalaman/kaugnayan sa paksa	35%
b) Pagbigkas (didin, tono)	30%
c) Paraan ng Paglalakad(kumpas, kilos, istilo –	25%
d) Pagkakatanghal (dating sa manonood)	10%

5. Sulat Bigkas ng Tula (SULKAS)- isang kalahok mula sa Baitang 4

Sundin ang panuntunan sa Memorandum Pangkagawaran ng NFOT

6. Reader's Theatre: sampung kalahok ng Baitang 5

6.1 May nakahandang babasahin para sa mga kalahok. Hindi pinahihintulutan ang paggamit ng props, musika o anumang makaragdag na elemento sa pagbabasa ng kalahok. Ang kasuotang itatakda ay puting t-shirt at maong. May bawas na 1 puntos ang hindi susunod.

6.2 Ang piyesang nakatakda gamitin ay ang “ SA DAIGDIG NG HUNI,UGONG AT TUNOG” ni Pat Villafuerte.

6.3 Ang minutomng nakalaan sa pagtatanghal ay bubuuin ng 5hanggang 10 minuto, ang kumulang at sumobra sa itinakdaang minute ay may bawas na 1 punto bawat minuto.

Pamantayan sa Paghatol:

a) Pamamaraan ng Pagbasa/ Interaktibong Pagbasa	30%
b) Pagbigkas, Tinig, Tamang Bigkas, Diin at Ekspresyon ng mukha	30%
c) Angkop na damdamin, kumpas at tindig	30%
d) Hikayat sa madla	10%

7. Katutubong Sayaw – Baitang 6 –apat na pares

a) Kasanayan sa pagsayaw	30%
b) Koreograpiya	20%
c) Kaaya-aya o kagiliw-giliw	20%
d) Kahirapan ng mga galaw	20%
e) Kasuotan	10%

8. Madulang Pagkukuwento - (isang kalahok mula Baitang 4,5,6 at isang graded SPED na may kapansanan sa paningin at 15 taong gulang)

Ang mga paaralang walang graded SPED na may kapansanan sa paningin ay hindi makasali sa naturang kategoriya.

Sundin ang pamantayan sa paghatol sa categoryang ito ang nakasaad sa Memorandum Pangkagawaran Ng Festival of Talents na ipalalabas kada taon.

II.MGA KATEGORYA NG PALIGSAHAN SA BUWAN NG WIKA 2019

(Baitang 7-12)

1. Masining na Pagkukuwento (Baitang 7) – (3-5 minuto)

- a) Pagpili ng kuwento -----= (10%)
- b) Pagsasalita ----- (15%)
- c) Pagbibigay-kahulugan o interpretasyon - (40%)
- d) Personalidad/kakayahan sa pagkukuwento (30%)
- e) Reaksiyon ng tagapakinig ----- (5%)

2. Pagsulat ng Dagli- isang kalahok mula sa Baitang 8

2.1 Ang tema ng susulating DAGLI ay ibibigay sa araw ng paligsahan

2.2 Ang malikhaing pagsulat nito ay tatagal lamang ng dalawang oras.

Mga pamantayan:

- a) Orihinalidad ----- (40%)
- b) Organisasyon ----- (35%)
 - Kasasalaminan ng kultura/Pagpapahalagang Pilipino
 - May kawili-wiling Panimula, Gitna at Pangwakas Na Bahagi
 - May kakaiba at Malikhaing Estilo ng Pagsulat
 - May kaangkupan sa Tema, Edad at Interes ng Target na mambabasa
- c) Mekaniks ----- (25%)
 - Gumamit ng wastong bantas
 - Gumamit ng Wasto at angkop na salita
 - Gumamit ng mga wastong tayutay, pahiwaig, simbolismo at iba pang elemento ng isang malikhaing akda

3. Spoken Poetry –Baitang 9

- Piyesa ng Tula ----- 10%
- Pagkasaulo ----- 30%
- Dating sa Madla ----- 10%
- Bigkas at Tinig ----- 25%
- Kumpas at Ekspresyon ng mukha ----- 25%

4. Movie Trailer – Baitang 10

A) Mga Tuntunin

- a) Dalawang minutong presentasyon na nagtampok sa alinmang nobela ng isang bansa mula sa *Grade 10 learning materials*
- b) Ang mga kalahok ay magmumula sa *Grade 10*

B) Mga Pamantayan

- a. Orihinalidad ng Iskrip ----- 20%
- b. Pagganap ng mga tauhan ----- 25%
- c. Produksiyon ----- 25%
- d. Daloy ng mga pangyayari ----- 15%
- e. Paglalapat ng Musika/Tunog ----- 15%

5. Balagtasang (bukas mula Baitang 7-10)

Pipili ng orihinal na piyesa ni PAT VILLAFUERTE ang mga kalahok at Tagasanay

1. Pamantayan (Balagtasang)

- 2.1) Piyesa ----- 60%
 - a. Paglinang ng paksa - ----- 30%
 - b. Pagtatagpo ng katwiran----- 15%
 - c. Kahusayan ng mga katwiran- 15%
- 2.2) Pagbigkas- ----- -40%
 - a. Linaw sa pagbigkas- ----- 15%
 - b. Tindig sa entablado ----- 15%
 - c. Kasuotan ----- 10%

6. Interpretatibong Pagbasa –(isang kalahok mula Baitang 7,8, 9 at Baitang 10)

Sundin ang Panuntunan para sa Pambansang Tagisan ng Talento sa Filipino 2018 na natanggap mula sa Region (separate sheet)

7. Pandalawahang Pag-awit-awiting Filipino Minus one - Baitang II

- Oral/Voice Quality - 35%
- Diction - 15%
- Timing - 35%
- Costume - 15%
- Choice of Song - 15%

8. Dagliang Talumpati - Baitang 12

Pyesang Gagamitin sa Reader's Theater (Elementarya)

SA DAIGDIG NG HUNI, UGONG AT TUNOG (Elementarya)
ni Pat V. Villafuerte

(ENTRANCE SONG: BATAMBATA KA PA by APO Hiking Society)

LAHAT: Mga bata kami /
Mga batang / iba-iba ang gusto
SOLO 1: Candy
SOLO 2: Balloons
SOLO 3: Stuff toys
SOLO 4: Rubick's Cube

LAHAT: Kailangan pa bang i-memorize 'yan?
Saglit lang! / Saglit lang! / Saglit lang! /

Mga batang / may ibang daigdig /
Daigdig ng huni / (Sound)
Daigdig ng ugong / (Sound)
Daigdig ng tunog / (Sound)

LAHAT: Iba-ibang huni ang aming naririnig / (Sound)
Iba-ibang ugong ang aming napapakinggan / (Sound)
Iba-ibang tunog ang aming hinihintay-hintay / (Sound)

LAHAT: May huni / ugong / tunog na mahina /
Pahina nang pahina /
Pahina nang pahina /

SOLO 1: Parang hangin /
LAHAT: Shhhhhh / Shhhhhh / Shhhhhh /
SOLO 2: Parang alingawngaw / ngaw - ngaw - ngaw /
LAHAT: Ngaw / ngaw / ngaw /

SOLO 3: Parang ambon
LAHAT: Ambon / ambon / ambon /

SOLO 4: Parang ulan
LAHAT: Ulan / ulan / ulan /

SOLO 5: Parang patak ng ulan /

LAHAT: Patak ng ulan? / Patak ng ulan? / Patak ng ulan? /
(AAWIT) *Pumapatak na naman ang ulan sa bubong ng bahay...*

LAHAT: May huni / ugong / tunog na malakas /
Palakas nang palakas /
Palakas nang palakas /
Parang kidlat / Shhhhhh /

Parang kulog / Bruuuuum /
 Kidlat / Kidlat / Kidlat /
 Shhhhhh / Shhhhhh / Shhhhhh /
 Kulog / Kulog / Kulog /
 Bruuuuum / Bruuuuum / Bruuuuum /
 Kidlat-kulog-kidlat-kulog-kidlat-kulog

SOLO 6: Pangga / May radyo ka ba? /
 LAHAT: Huwag mong sabihing radyo. Ang sabihin mo ENERGY. Bakit ba?
 SOLO 6: Kasi pag may radyo ako, 100% akong panatag. I waanna be complete. Ano... meron ba o wala?
 LAHAT: Meron / Akala mo lang / wala / wala / wala /
 Pero meron / meron / meron

SOLO 1: Ngunit / may huni ng ibon / twit / twit / twit /
 LAHAT: Twit / Twit / twit /
 (AAWIT) *May pumukol sa pipit sa sanga ng punongkahoy ... //*

SOLO 2: May ugong ng tren / tsug / tsug / tsug /
 LAHAT: Tsug / Tsug / Tsug / Tsug / Tsug / Tsug /
 SOLO 3: Eh, ang sirang tren? / Tyug / Tyug / Tyug /
 LAHAT: Tyug! Tyug! Tyug! /
 SOLO 4: May tunog ng kampana / klang / klang / klang /
 LAHAT: Klang / Klang / Klang /
 (AAWIT) *Kampana sa simbahan ...*

SOLO 5: May unga ng kalabaw / unga / unga / unga /
 LAHAT: Ungaaaaa / Ungaaaaa / Ungaaaaa /

SOLO 6: Eh, ang aso? /
 LAHAT: Asong Amerikano / o Asong Filipino? /
 SOLO 6: Bakit / may pagkakaiba ba? /
 LAHAT: Meron! /
 Asong Amerikano / Arf / Arf / Arf /
 Asong Filipino / Aw / Aw / Aw /

SOLO 1: E, ang pusa?
 LAHAT: Pusang Amerikano / o pusang Filipino? /
 SOLO 2: Bakit? / May pagkakaiba ba? /
 LAHAT: Meron! /
 Pusang Amerikano / Meow / Meow / Meow /
 Pusang Filipino / Ngiyaw / Ngiyaw / Ngiyaw /

SOLO 3: Eh, ang baboy? /
 SOLO 4: My brother is not a pig. / Hindi baboy-ramo ang kapatid ko. /

LAHAT: Hindi baboy-ramo ang kapatid ko. /
 SOLO 5: May tunog ang orasan / Ding / Dong / Ding / Dong /
 LAHAT: Ding / Dong / Ding / Dong /
 SOLO 6: May ingay ang palaka / Kokak! Kokak! Kokak /
 LAHAT: Kokak! Kokak! Kokak! /
 SOLO 1: May tilaok ang tandang / Tik-tila-ok! /
 LAHAT: Tik-tila-ok! Tik-tila-ok! Tik-tila-ok! /
 SOLO 2: May ingay ang cellphone / Kring / Kring / Kring /
 Wer r u na? /
 LAHAT: Yuck! /
 SOLO 2: D2 na me /
 LAHAT: Acheche /
 SOLO 2: Kol kita 'no? /
 LAHAT: The number you dialed is not yet in service /
 Please call again later.
 Ngek! /
 SOLO 2: May tunog ang makinilya / Takatak-katak-katak-katak /
 LAHAT: Takatak / katak / katak / katak /
 (AWIT) Itaktak mo ... Itaktak mo ...

- END -